

Pagsasalin at Pagsusuri ng Akdang Panitikan ni Jesus Sanchez

Jennifer A. Gorumba

Palompon Institute of Technology, Leyte, Philippines

jennifer.gorumba@yahoo.com

**Asia Pacific Journal of
Multidisciplinary Research**

Vol. 7 No.1, 64-69

February 2019, Part II

P-ISSN 2350-7756

E-ISSN 2350-8442

www.apjmr.com

CHED Recognized Journal

ASEAN Citation Index

Date Received: September 19, 2018; Date Revised: February 19, 2019

Abstract - Ang Palompon, Leyte ay masasabing may mga manunulat na tulad ni Jesus Sanchez na dapat mabigyan ng puwang sa panitikang at mga akdang sumasalamain sa kultura ng mamamayan. Ang mga ito ay maaaring magamit at mapakinabangan ng mga kapwa guro at mag-aaral. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay isalin sa Filipino at suriin ang mga maikling kwento na sinulat ni Jesus Sanchez. Naging batayan ang kinalabasan ng pagsasalin at pagsusuri sa pagpapayaman ng panitikang rehiyon at makilala at mailathala ang mga maikling kwentong isinalin sa Filipino. Apat na maikling kwento ang isinalin at sinuri. Ginamit ang teoryang pagsasalina't pagsusuri. Samantala ang mga teoryang pampanitikan na Sikolohikal at Sosyolohikal ay ginamit sa pagsusuri nang sa gayun ay matukoy ang mga kulturang nangibabaw sa mga kwento. Kwalitatib-Diskriptib ang ginamit sa pag-aaral. Natuklasan sa pag-aaral na ang apat (4) maikling kwento ang sumasalamain sa kultura gaya ng pamumuhay, bayanihan, paniniwala at pamahiin ng mga Palomponganons. Sa tatlong kwento, mga guro ang mga pangunahing tauhan, ito marahil ay nasaksihan ng manunulat dahil isa siyang superbisor sa Edukasyon ng DepEd. Samantala ang isang kwento ay sumasalamain sa kahirapan ng pamumuhay at pakikitungo sa kapwa. Iminumungkahi na marami pang mga manunulat ang magsalin at magsuri ng mga lokal na akdang panitikan nang sa gayon ito ay mapalaganap at magamit nang nakararami.

Susing-salita: Kultura, Lokal na Manunulat, Panitikan, Pagsasalin, Pagsusuri

INTRODUKSYON

Ang panitikan ay isang mahalagang bahagi ng kultura ng isang lahi. Ito ay naglalarawan ng mga tunay na pangyayaring naganap at patuloy na nagaganap sa isang lahi o bansa. Nagbibigay ito sa atin ng mga impormasyon upang maunawaan ang mga kaugalian at ang uri ng pamumuhay ng iba't ibang tao sa iba't ibang kaalaman na nagbubunga ng kaularan pansarili man o panlipunan. Masasabi ring ang panitikan ay isang uri ng lakas na nagtulak sa atin upang tayo ay kumilos. Sa ano mang kaparaanan, ito ay nauugnay sa damdamin ng mga tao upang Makita ang katwiran at karunungan [1].

Sinabi nga ni Arrogante [2], ang literatura ay isa sa dapat ituro nang may kahusayan sapagkat bukambibig na ang wika at literatura ay kambal na isinilang sa bibig ng isang lahi. Ang wika ay siyang kaluluwa at ang literatura ay siyang buhay nito. May maraming layunin ang pagtuturo ng literatura; nakapagbibigay-lugod, nakapagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa iba't ibang gawain at karunungan, pumupukaw ng guniguni at gumigising sa damdamin, nagtuturo ng mga aral at humihikayat nang mabuti, nagpapahalaga ng mga makabuluhan sa buhay higit sa lahat may layuning

pagtatanim ng kabutihang-asal, wastong pag-uugali at pag-ibig.

Dagdag pa niya, bawat bansa ay may sari-sariling kultura, may sari-sariling pambansang pagkakakilanlan. Kung natural lamang sa bawat isa ang magkaroon ng sariling wika, natural din na magkaroon ang bawat isa ng sariling panitikan. Panitikang magsasalamain sa tangi at tunay na pagkatao, pagkalahi, at pagkabansa.

Sa pag-aaral ni Macan, [3] mayaman ang panitikang Filipino at ito'y hitik sa bungang karunungan ng malikhang isipan ng mga manunulat na Filipino. Mga manunulat itong nagmula sa ating mga ninuno, na gumamit ng kanilang karunungan sa pagtugon sa maraming katanungan tungkol sa kanilang karunungan sa kalikasan at sa kanilang kapaligiran. Bunga nito'y nalikha nila ang ating mayamang folklor at maikling kwento sa iba't ibang rehiyunal na wika, na sumasaklaw ng ating nabuong mito, epiko, alamat, kwentong bayan, at katutubong awit at tula. Samantalang sumusunod sa mga yapak ng ating mga malikhaing mga ninuno ang maraming manunulat na humabi ng maraming obra sa iba't ibang genre.

Sinabi ni Batnag [4] ang mga panrehiyong panitikan ay higit na nagiging kawili-wili kung ito ay naisalin sa Filipino nang sa gayo'y maintindihan ng nakararami. Napauunlad nito ang panitikang pambansa. Mahalaga ang ugnayan ng panitikang panrehiyon at panitikang pambansa. Kapwa may natatanging bisa ang dalawang ito na higit na maisasakatuparan sa pagsasalin.

Ang bawat rehiyon o probinsya ng ating bansa ay may mga manunulat na nagnanais maipaabot sa mga mambabasa ang yaman ng kanilang kultura, ang damdamin at pananaw nila sa bawat naisulat na mga maikling-kwento, nobela, alamat, awitin at iba pa ngunit kung minsan ay may mga hadlang din kung paano maipararating ang mga mensahe na nakapaloob sa mga akdang panliteratura lalung-lalo na sa mga akdang rehiyunal na gamit ang bernakular na lenggwahe.

Si Dapar na nabanggit sa pag-aaral ni Tupaz [5] siya'y gumawa ng pagsasalin ng tulang Cebuano at ang layunin niya ay upang mapaabot sa kamalayan at kaalaman ng lahat at ng buong Pilipinas ang mga tula ng kulturang Bisayang Cebu.

Dugtong pa ni Tupaz [6] na dapat maisalin sa Filipino ang mga panitikang panrehiyon at mailathala para maging bahagi ng panitikang pambansa dapat hindi lamang ang mga panitikang Tagalog o mga naisulat ng mga taga-Luzon ang dapat gamitin sa pagtuturo ng panitikan. Dapat pahalagahan din ang mga panitikang panrehiyon.

Ayon nga sa konstitusyon ng 1987, sa Artikulo XIV, Sek. 9, ay nagtadhana na:

“Dapat magtatag ang Kongreso ng isang Komisyon ng Wikang Pambansa na Binubuo ng mga kinatawan ng iba't ibang rehiyon at mga disiplina na magsasagawa, mag-uugnay at magtataguyod ng mga pananaliksik sa Filipino at iba pang mga wika para sa kanilang pagpapaunlad, pagpapalaganap at pagpapanatili.”

Ang panitikan ay sumasalamin sa kultura ng isang lugar, tinatalakay ang iba't ibang damdamin, naglalarawan ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkamuhi, pagkapoot, paghihiganti, sindak at pangamba. Ito ay dapat pagyamanin at ituro nang wasto.

Isa rin sa sangkap para mas lalong maging kawili-wili ang panitikan ay ang pagsusuri, ito ay isang malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng

kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa malikhaing manunulat at katha.

Sa pagsusuri ay binigyan ng pagpapahalaga ni Desierto [7] nang sabihin niyang dapat pinahalagahan natin ang isang bagay kung ito'y lagi nating tinitingnan, pinakasisiyasat at pinakaiingatan. Gayon din naman, ang pagpapahalaga sa panitikan. Anumang nasusulat na naibigan natin pagkatapos basahin ay pinakasusuri natin bilang pagpapahalaga. Masasabing kaya natin sinuri ay dahil sa nagagandahan tayo at naibigan natin sapagkat tumama sa ating panlasa. Nais nating purihin ang may-akda sa kalakasan ng akda at bigyang-puna ang mga kahinaan nito upang lalo niyang mapaganda ang mga susunod niyang sulatin. Ang pamumuna at pagsusuri ay di pamimintas. Ito'y nagpapahalaga sa lalong ikauunlad ng panitikan na rin sa kabuuan.

Si Villafuerte [8] pagsusuri ng anumang akda ay dapat maging maganda ang paksa, may kalinawan ang wika at organisado ang paglalahad.

Natuklasan ni Macan [9] sa kanyang pag-aaral patungkol sa pagsasalin at pagsusuri ng mga maikling kwento ng Cebu ay na ang pag-ibig sa bayan, sa kapwa, at kagandahang-asal ang nangibabaw sa mga kaisipan ng mga maikling kwento, na may kaugnayan sa pananagutan, tungkulin, pangarap at hangarin ng isang tao. Iba't ibang damdamin ang naka-apekto sa mananaliksik tulad ng galit, awa, poot at inggit sa mga tauhan at mga pangyayaring umiikot sa buong kwento. Mga pangyayaring naglalahad ng pananagutan sa bayan, pagsuway sa mga magulang, katigasan ng ulo at bukas-kalooban na nauugnay sa kamalayang panlipunan.

Sa pag-aaral naman ni Desierto [10] kanyang natuklasan na magiging gabay ng mga kabataan sa kanilang pakikipagsapalaran tungo sa pagbabago ang mga kwento at mapahalagahan ang mga karanasan na siyang nagbibigay ng panibagong anyo ng kanyang buhay. Sa mga kwento ay inilalarawan din ang mga balyu na dapat malaman ng mga mag-aaral dahil may malaking implikasyon ito sa kanilang buhay at makatutulong ito sa pagtahak sa tamang landas at gayundin sa paghubog ng kanilang kaugalian tungo sa ikabubuti ng sarili at kapwa.

Ayon kay Velasco [11] sa kanyang pag-aaral, panahon na upang manumbalik at matutuhan ng ating mga kabataan sa kasalukuyan ang ating katutubong awitin, tula, sayaw, kwento, at iba pang likhang-sining na tatak ng ating pagkakakilanlan bilang isang maunlad na lipunan.

Ang mga akdang panitikan ng Palompon, Leyte partikular sa mga maikling kwento ni Jesus Sanchez ay isinalin at sinuri nang sa gayon ito maintindihan ng nakararami, lumutang ang kulturang sumasalamin sa mga maikling at magamit bilang hulwaran na kagamitang pampagtuturo, panrehiyon man o pambansa.

Balangkas Teoritikal/Konseptwal

Sa teorya ni Santiago [12] sa kanyang pag-aaral sa pagsasalang wika. “Ang pagsasalang-wika ay isang sining”. Madali itong maihambing o maihalintulad sa isang sining ng pagpinta. Halimbawa, ang maling laki ng guhit o ang maling pagpili at paggamit ng mga salita; ang pagkakamaling ito, tulad ng sukat, dimensyon ay pagkakamali rin sa pagbibigay ng tunay na kahulugan sa diwa ng parirala o pangungusap.

Sa mga aralin ngayon ay unti-unti nang kinikilala ang mga akdang Rehiyunal, ibig sabihin ay hindi na lang nakatutok sa mga akda ng mga Katagalugan o sa bandang Luzon. Ayon pa nga kay Santiago, na lalong magiging maganda kung makabubuo tayo ng tinatawag na pambansang panitikan o literatura ng bayan na kumakatawan sa kabuuan ng pambansang kaisipan. Isang panitikang matatawag na kaisipang Pilipino na hango sa alinmang bilang Pilipino.

Ipinapakita rito ang isang ilustrasyon buhat sa teorya ng pagsasalin ni Santiago.

Mga Maikling Kwento ni J, Sanchez



Ang pagsasalin ay isa sa pinakamabisang pamamaraan para maihatid ang mensahe. Sa panitikan ay maraming pamamaraan para maihatid ang mensahe ng nilalaman ngunit magkakaroon ng kahirapan kung ang wika mismo ang nagiging hadlang para maisalin ang mensahe ng mga akda. Nakikita at napapansin ng mananaliksik sa kanyang klase na kulang ang kaalaman nila kung

pagbabasehan ang mga akdang naisatitik sa bayan ng Palompon. Kung ang mga akdang ito ay maisasalin sa wikang Filipino ay higit na kapaki-pakinabang.

Sa teoryang pagsusuri naman ni Berelson [13] sa aklat ni Austero [14] sa kanyang pag-aaral ay tumutukoy na ang pagsusuri ng nilalaman ay karaniwang ginagawa sa kakaunti at di-kompletong mga halimbawa o kalahok na ang mga datos na susuriin ay iilan lamang upang mabigyan ng katuturan ang tema at wastong pag-aaral. Dugtong pa niya sa pagsusuri at pag-iinterpretar ng nilalaman na nahihinuha ang epekto at kalalabasan nito upang maging bahagi ng prosesong pagsusuri.

Ito ay sinang-ayunan din ng teorya ni Alejandro [15] na ang pagsusuri ay dapat taglayin ng isang kritiko ang ganap na kaalaman sa kanyang paksa. Una, Ito’y tumutukoy sa kabuuan at nilalaman ng akda at ang paksang tinutukoy ng awtor. Dapat din malaman na ang buhay at kaisipan ng awtor ay isaalang-alang ang panahon ng pagkakasulat nito; ikalawa, ang katapatan ng loob ay isang katangiang dapat taglayin ng isang kritiko; ikatlo, ang isang kritiko ay dapat mag-angkin ng likas na pagkukuro. Ang isang tagasuring may likas na pagkukuro sa buhay ng awtor ay hindi sanligan sa pagkilatis ng isang akdang pampanitikan.

Sa pagsusuri ng mga maikling kwento ni Jesus Sanchez ay ginamit ang teoryang sosyolohikal at sikolohikal. Ang sosyolohikal ay ang pag-aaral ng mga alituntunin ng lipunan at mga proseso na binibigkis at hinihiwalay ang mga tao hindi lamang bilang mga indibidwal kundi bilang kasapi ng mga asosasyon, grupo at institusyon.

Tinatawag din ito, bilang ang pag-aaral sa mga buhay na panlipunan ng mga tao, grupo, at lipunan. Interesado ang sosyolohiya sa ating pag-uugali bilang mga nilalang na marunong makisama, sa ganitong paraan sinasakop ng nagustuhang larangan sa sosyolohiya mula sa pagsusuri ng maiikli hanggang sa pakikitungo sa pagitan ng hindi magkakilalang indibidwal sa daan hanggang sa pag-aaral ng proseso ng pandaigdigang panlipunan.

Naniniwala ang tagapagtaguyod na ang manunulat ay produkto ng kanyang panahon, lugar, mga kaganapan, kultura at institusyon sa

kanyang kapaligiran kung saan itinuturing sila bilang boses ng kanyang panahon.

Ang teoryang sikolohikal naman ay tumutukoy sa akdang pampanitikan na nagsisiwalat sa isip, damdamin at personalidad ng may-akda. Inaanalisa ang mga behavior ng mga tauhan, kilos at kaisipan, at ang relasyon ng bawat isa. Kung bakit nagbago ang dating paniniwala, kung bakit tinalikuran ang dating ipinakikipaglaban, ang pinagdaanang buhay o mga pangyayaring nakaaapekto o nakakaapekto sa kanilang pananaw.

Ang layunin ng teoryang sikolohikal sa panitikan ay ipaliwanag sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga salig sa pagbuo ng naturang pag-uugali, paniniwala, pananaw, pagkatao sa isang tauhan sa kanyang akda. Ipinapakita sa akda na ang tao ay nagbabago o nagkakaroon ng panibagong *behavior* dahil may nag-udyok na mabago o mabuo sila[16].

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay ang pagsasalin at pagsusuri ng mga maikling kwento na isinulat ni Jesus Sanchez ng Palompon, Leyte. Ito ay magiging batayan sa pagpapayaman ng Wikang Filipino at makilala ang mga akdang panitikang lokal para sa pandalubhasaang pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino. a. pagsasalin sa Filipino ng mga maikling kwento ni Jesus Sanchez; b. pagsusuri sa mga maikling kwento gamit teoryang sosyolohikal at sikolohikal; c. pagtukoy at pagsusuri sa mga kulturang nangibabaw sa kwento; d. paggamit sa mga naisalin at nasuring kwento sa asignaturang Panitikang Rehiyon, Pagsusuring panitikan at iba pang araling pampanitikan at mailathala ang mga naisaling maikling kwento.

PAMARAANG GINAMIT

Kwalitatib-Diskriptib ang ginamit sa pag-aaral para mailarawan at mailahad nang mabuti ang mga ispisipikong mga pangyayari sa kwentong sinuri. Apat na mga maikling kwento na isinulat ni Jesus Sanchez ng Palompon, Leyte ang ginamit sa pag-aaral na ito. Ginamit ang teoryang Sosyohikal at sikolohikal sa pagsusuri na naging hulwaran sa pagsisiyasat sa mga nagibabaw na mga kulturang sa kwento nang sa gayun matukoy ang pakikitungo sa panlipunan ng mga tao at grupo.

Ang Palompon, Leyte ay may maraming panitikang naisulat ngunit pinili lamang ng mananaliksik ang mga maikling kwentong nailathala. Isa na rito ang mga maikling kwento ni Jesus Sanchez. Bago pa man nakapagsalin ang mananaliksik ay pumunta sa may-akda para humingi ng pahintulot at humingi ng kopya ng kanyang mga akdang panitikan. Iminungkahi ng ng may-akda ang pagsasalin ng kanyang apat na maikling kwento. Pagkatapos maisalin ang mga kwentong: “Sa Gabiing Matidlom ang mga Gutlo sa Karaang Panahon” (Sa Gabing Madilim ang mga Oras ng Lumang Panahon) [17], “Gahong sa Baboyng Ihalas” (Bitag sa Baboy Ramo) [18], “Sa Gabiing Nagtukaw ang mga Anino” (Sa Gabing Gising ang mga Anino) [19], “Sa Dapit nga Walay Ingon” (Sa Lugar na Walang Katulad) [20] ay ipinawasto at ipanabalida sa apat na propesor na eksperto sa wika ng Palompon Institute of Technology.

MGANATUKLASAN

Mula sa masusing pagsusuri sa mga maikling kwento, maraming mga isyung sosyolohikal at sikolohikal ang nangibabaw na naging lunsaran sa pagtukoy sa mga kultura ng mga Palompongano ns.

Sa sosyolohikal, natuklasan sa mga maikling kwentong isinalin na ang mga gurong itinalaga sa malalayo o sa bulubunduking lugar ay ipinakikila sa Kapitan ng baranggay at pansamantalang pinapatira hanggang sa maging kabisado na niya ang lugar at mamamayan. Tatlo sa mga maikling kwento ang tumalakay nito. Ang mga pangyayari sa kasalukuyan ay talagang sumasalamain sa mga kwento dahil mapaghanggang ngayon ay ginagawa pa ito ng mga taga-baryo. Ang pagkalinga ay hindi masusukat, mula sa mga opisyal ng baranggay, maging ang mga magulang ng mga estudyante. Ang pagtanggap naman sa mga bisitang tagasuri sa mga paaralan ay talaga namang nakakabilib dahil mula sa pagdating hanggang sa pagkatapos ng mga gawain ay nakaalalay ang mga guro gayon din ang mga taga-baranggay at ang pagkaing hinanda ay abunda.

Tinalakay rin ang pagpapakitang gilad sa mga kaibigan o sa mga babae para mapalapit pero ang hindi rin maiiwasan na may mga umiiwas kahit gumastos pa ng malaki lalong-lalo na kung hindi gusto ang tao. Nagkaroon lang ng pagkakasundo kung pareha ang hilig katulad ng lamang ang pagkahilig ng manok na panabong.

Isa sa mga maikling kwento ay tumalakay patungkol sa pakikihalubilo sa mga taga-baranggay sa pagtungga ng tuba bilang pampalipas oras ng guro. Ang

espirito ng tuba ay nagdala sa tauhan sa di magandang gawain gaya ng pakikiapid.

Sikolohikal

Reincarnation, maaaring may mga taong nakaranas nito na parang bang ang mga pagyayari ay naramdaman na, gaya ng isang kwento nang siya ay matalaga sa isang baryo ng Palompon ay may naramdamdaman siya sa lugar at ang nakilalang dalaga ay parang may kaugnayan sa kanya.

Ang salitang “**sigurado na**”, ito na marahil ang gasgas na salita na ating maririnig kapag kulang ng tiwala sa kausap. Kahit pa man kadugo, kapag pera o may ibinabalita, palaging sinasambit ang salitang ito, isa sa mga kwento ang tumalakay sa paninigurado ng babae kung maibigay ba ang dote na hinihingi ng kanyang amain.

Sa kwentong “Bitag sa Baboy Ramo” ay nagpakita ng mga matinding damdamin, ang pagkatakot na baka hindi matuloy ang kasal. Takot sa kanyang amain sa mga mapagnasang tingin. Pangamba rin ng kasintahang lalaki na baka hindi niya maibigay ang doteng hinihingi sa kanya dahil unti-unting inuubos ng mga baboy ramo ang kanyang mga pananim na mais.

“Panakaw-nakaw na kasiyahan”. Damdaming hindi napigilan ng dalawang aninong pinag-isa sa dilim habang ang asawa ay nasa dagat para maggantaaw isang uri ng pangingsda sa madilim na gabi. Dahil sa mga pangyayaring ito, hindi maiiwasan ang paghihigante na hahantong sa pagpatay.

Ang tunay na pagmamahal ay maaaring magpabago sa tao sa kanyang mga desisyon. Isa sa mga kwento ang tumalakay sa isang wagas na pagmamahal ng mga ka-nayon at gayun din ang sa babaeng pumana sa puso. Ang guro sa kwento na binigyan na ng pagkakataon para mailipat na malapit sa bayan pero ito ay tinanggihan dahil nadama na niya na nasa paraiso siya dahil sa di-masukat na pagmamahal sa kanya ng mga tao.

Kultura:

Ang mga maikling kwentong sinuri ay sumasalin sa kultura ng Palompongonans, ito marahil ay nasaksihan ng manunulat o di-kaya’y kanyang naranasan gaya na lang ng buhay ng mga guro, kabuhayan ng mamamayan, pag-uugali, paniniwala, mga gawain at iba pa.

Hospitable at Mapagbigay. Naging tradisyon na, ang pagbisita sa mga paaralan para sa isang pagsusuri. Dito pinaranas sa mga Superbisor ang

taos-pusong pagtanggap sa kanila. Ang kaugalian ng ito ay hindi lamang ipnamamalas para sa mga may katungkulan, pati na rin sa mga ordinaryong tao. Halos lahat din ng mga pari at nanunungkulan sa gobyerno na itinalaga sa Palompon ay sobra ang kaligayahan at pasasalamat sa ipinapakitang kabutihan at ang pagiging mapagbigay. Ang Palompon, Leyte ay isang bayan na masasabing ang masarap balik-balikan dahil sa ganitong pag-uugali.

Pagsasabong ng Manok. Malalim na nakatanim sa kulturang Pilipino ang pagsasabong. Ito ay sinasabing pampalipas-oras. Popular ang sabong sa Pilipinas pero mas maraming ang tumatangkilik nito sa mga probinsya, isa na rito ang Palompon na kahit sa pinakamaliit na barangay ay may sabong lalo-lalo na kung papalapit na ang pista.

Dote. Isa sa kwento ang tumalakay sa paghingi ng dote bago ikasal ang babae. Maaaring hindi na ito ngayon ginagawa nang karamihang mga Pilipino pero may mangilan-ngilan pa rin ang gumagawa nito sa kasalukuyan sa bayan ng Palompon.

Delicadeza. Isang ugali na kung minsan mapapatanong tayo kung marami pa ba ang mayroon nito. Sa kwentong “Bitag sa Baboy Ramo” ay magpahalik o papasukin ang lalaki sa loob ng kanilang dampa dahil natatakot sa sasabihin ng iba. Ang pag-uugaling ito ay mararamdaman o makikita pa ngayon, ang pagpapahalaga sa sarili ng mga kababaihan.

Utang na loob. “Hindi makaalis-alis ang pangunahing tauhan sa kanyang kinikilalang magulang dahil utang niya ang kanyang buhay”. Halos lahat ng tao ay nakaranas na nito. Kung minsan ito ang nagiging hadlang sa pag-unlad.

Ritwal. Isa sa mga gawain ng mag-asawa sa kwento ang maghubad habang itinatanim ang mga binhi na nakaharap sa buwan nang sa gayon ang magiging ani nila ay maging sinlaki ng buwan. Marami pa rin sa atin ang naniniwala sa mga **ritwal** tuwing magtatanim o sa kahit anumang gawain. Sa Palompon ay mayroon pa ring gumagawa nito pero hindi nakahubad kundi may mga kinakatay na hayop bilang alay o kaya’y nag-oorasyon.

Bayanihan. Ang pagiging matulongin ay likas na kaugalian ng mga Palompongonans, kahit sa di

gaanong kilala kapag nangangailangan ng tulong ay bukas palad na naglilingkod.

Tuba. Isa sa mga ikinabubuhay ng ilan sa mga residente ng Palompon. Hindi lang ganun ka sikat gaya sa ibang mga lugar ng Leyte pero nakapagpapatawid ng buhay.

Kamoteng Baging. Isa ring kabuhayan sa parteng bulubundukin ng Palompon. Ang mga ito ay ibenibenta tuwing Lunes na kung tawagin ng mga tao na “Tabo” na ibig sabihin ay “Market day”

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pag-aaral na ito napakahalaga sa mga guro sa panitikan lalong-lalo na sa mga nagtuturo sa elementary at sekondarya na sumasaklaw na sa *contextualization*. Sa pamamagitan ng mga isinaling mga maikling kwento ay mas mabibigyang puwang ang mga lokal na manunulat at maiugnay ang mga nilalaman ng mga kwento sa aktwal na nakikita at nararanasan ng mga estudyante gaya ng kultura ng lugar. Kapakipakinabang din ito sa mga nagpapakadalubhasa sa Filipino dahil ito ay magiging gabay nila sa pagsasalin at pagsusuri nang sa gayon ay mapalaganap din nila ang mga akdang panitikang lokal.

Iminumungkahi na marami pang magsasalin at magsusuri ng mga lokal na akdang panitikan nang sa gayon ito ay mapalaganap at magamit, lalong-lalo na sa mga gurong nagtuturo ng Panitikang Rehiyon at Panunuring Pampanitikan. Ang mga naisaling mga kwento ay maaari ring gawan ng modyul.

TALASANGGUNIAN

- [1] UNESCO returns to challenge of media and information literacy www.waccglobal.org, <http://www.waccglobal.org/articles/unesco-returns-to-challenge-of-media-and-information-literacy>, June 28, 2017.
- [2] Lorenzo, Carmelita S. (2001). *Literatura ng Iba't ibang Rehiyon ng Pilipinas*. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation. Print
- [3] Arrogante, Jose. et al. *Panitikang Filipino-Antolohiya*. Mandaluyong City: National Book Store, 2010. Print.
- [4] Macan, Romeo S. *Isang Pagsusuring Kritikal sa Limang Piling Maikling Kwentong Cebuano*. Cebu City: Cebu Normal University, 2000. Print.

- [5] Batnag, Aurora E., J. Petras, L. Antonio. (2009). *Teksbuk sa Pagsasalin*. Quezon City: C&E Publishing, Inc. Print
- [6] Tupaz, Regalado. *Gawain ng Pag-aaral Batay sa Pagsasalin at Pagsusuri ng mga Piling Literatura ng Rehiyon VIII*. Tacloban City: Leyte Institute of Technology, 2000. Print.
- [7] Tupaz, Regalado. *Gawain ng Pag-aaral Batay sa Pagsasalin at Pagsusuri ng mga Piling Literatura ng Rehiyon VIII*. Tacloban City: Leyte Institute of Technology, 2000. Print.
- [8] Desierto, Erlinda. *Isang Pagsusuring Pampanitikan ng mga Piling Kwentong Nagwagi sa Gawad Carlos Palanca 1950-1989*. Cebu City: Leyte Normal University, 2003. Print.
- [9] Villafuerte, Patrocino V. *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City: MEGA-JESTA Prints, Inc., 2000. Print.
- [10] Macan, Romeo S. *Isang Pagsusuring Kritikal sa Limang Piling Maikling Kwentong Cebuano*. Cebu City: Cebu Normal University, 2000. Print
- [11] Desierto, Erlinda. *Isang Pagsusuring Pampanitikan ng mga Piling Kwentong Nagwagi sa Gawad Carlos Palanca 1950-1989*. Cebu City: Leyte Normal University, 2003. Print.
- [12] Velasco, Luis. *Pagpapakahalugang Kultural ng mga Waray sa Panulaan ni Agustin EIO Mora: Mungkahing Gawain Pagtuturo sa Edukasyong Pagpapahalaga*. Tacloban City: Leyte Normal University, 2000. Print
- [13] Santiago, Alfonso O. (1976) *Sining ng Pagsasalang Wika*. Manila: Rex Bookstore Inc.
- [14] Berleson, Bernard (1971). *Analysis in Communication Research*. New York: Hafner Publishing Company.
- [15] Austero, Cecilia S. et al. (2008). *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananalikisik* (Binagong Edisyon). Pasig City: UNLAD PUBLISHING HOUSE.
- [16] https://tl.wikipedia.org/wiki/Teoryang_pampanitikan
- [17] Sanchez, Jesus. (April 17, 1885). Sa Gabing Matidlom ang mga Gutlo sa Karaang Panahon. Bisaya, Printed pp. 1,18,19.
- [18] Sanchez, Jesus. (April 4, 1969). Gahong sa Baboyng Ihalas. SUGO, Printed pp.3-10.
- [19] Sanchez, Jesus. (November 21, 1984). Sa Gabi nga Nagtukaw ang mga Anino. Bisaya, Printed pp.3-5
- [20] Sanchez, Jesus. (Pebrero 24, 1982). Sa Dapit nga Walay Ingon. Bisaya, Prenred pp 31-36.

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMR. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).